The Road Out

# Ang Diyos laban sa Anumang Sitwasyon

**WEEK 5**

## WARM-UP

- Ibahagi ang pelikula o kwento na may tauhang nagtagumpay laban sa mga malalaking pagsubok. Bakit mo ito nagustuhan?
- Ano ang madalas mong ginagawa pagkatapos ng mahaba, mapanghamon, at mahirap na araw?
- Ano ang pamana na gusto mong iwan sa susunod na henerasyon? Kanino mo ito gusto ibigay?

## WORD

*[13]Sumagot si Moises sa mga tao, "Huwag kayong matakot. Magpakatatag kayo at makikita ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON sa inyo sa araw na ito. Ang mga Egipciong nakikita ninyo ngayon ay hindi na ninyo makikita pang muli. [14]Ang PANGINOON ang makikipaglaban para sa inyo. Hindi n'yo na kailangang makipaglaban pa."*
**EXODUS 14:13–14**

(Aralin ang **EXODUS 14.**)

Maaaring ang pagtawid ng mga Israelita sa Dagat na Pula ang isa sa pinakakilalang himala mula sa Bibliya. Marami ang nabibighani rito dahil ipinakita nila kung paano nagtagumpay ang mga inaping mamamayan laban sa mga hamong kinaharap nila. Matapos nilang iwan ang Egipto at sumunod sa Diyos, nagkaroon ng panibagong harang sa kanilang daan. Ngayong linggo, titingnan natin kung ano ang ibig sabihin ng pagtawid sa Dagat na Pula para sa mga Israelita sa panahong iyon.

## 1 Ipinakita ng pagtawid sa Dagat na Pula ang kapangyarihan ng Diyos na magligtas kahit sa imposibleng sitwasyon.

*[13]Sumagot si Moises sa mga tao, "Huwag kayong matakot. Magpakatatag kayo at makikita ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON sa inyo sa araw na ito. Ang mga Egipciong nakikita ninyo ngayon ay hindi na ninyo makikita pang muli. [14]Ang PANGINOON ang makikipaglaban para sa inyo. Hindi n'yo na kailangang makipaglaban pa."* **EXODUS 14:13–14**

Pagkatapos ng ilang siglo ng pang-aapi, sa wakas ay pinayagan nang makaalis ang mga Israelita sa Egipto. Gayunpaman, kakaalis pa lamang nila nang biglang nagbago ang isip ng Faraon at ipinahabol niya sila sa kanyang mga kawal. Sa paghabol ng mga Egipcio, naipit ang mga Israelita sa pagitan ng dagat sa harap nila, at mga bundok sa kanilang paligid. Tila wala nang daan para makaalis pa sila. Pinalakas ni Moises ang loob ng mga mamamayan ng Diyos, at sinabing, *"Ang Panginoon ang makikipaglaban para sa inyo,"* at tunay ngang ipinaglaban sila ng Panginoon. Hinati ng Diyos ang dagat at gumawa Siya ng daan para ligtas silang makatawid sa tuyong lupa. At nang malapit na silang maabutan ng mga Egipcio, ibinalik Niya ang dagat sa normal at nalunod ang mga ito. Ano ang naging bunga ng dakilang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos (Exodus 14:18, 31)?

## 2 Ipinakita ng pagtawid sa Dagat na Pula ang pagtatapos sa pagliligtas sa Israel mula sa Egipto.

*[13]Sumagot si Moises sa mga tao, "Huwag kayong matakot. Magpakatatag kayo at makikita ninyo ang pagliligtas ng PANGINOON sa inyo sa araw na ito. Ang mga Egipciong nakikita ninyo ngayon ay hindi na ninyo makikita pang muli. [14]Ang PANGINOON ang makikipaglaban para sa inyo. Hindi n'yo na kailangang makipaglaban pa." . . . [30]Sa araw na iyon, iniligtas ng PANGINOON ang mga Israelita sa kamay ng mga Egipcio. At nakita ng mga Israelita ang mga bangkay ng mga Egipcio na nakahandusay sa dalampasigan.* **EXODUS 14:13–14, 30**

Hindi madali ang pag-alis nila sa Egipto. Iyon lamang ang alam nila, dahil ilang siglo silang tumira roon. Noong araw na iyon, sa pagsunod nila sa plano ng Diyos, may ilan pa ring nagdalawang-isip nang makita nila ang imposible nilang sitwasyon. Ang mahimala nilang pagtawid sa Dagat na Pula ang naging hudyat mula sa Diyos na tinapos na Niya ang kanilang paghihirap sa Egipto. Sa pagsara ng Dagat na Pula, wala nang balikan. Nailigtas na sila mula sa pang-aalipin, at mula sa araw na iyon, makakapagsaya na sila sa kanilang pagkilala sa Diyos at sa pamumuhay ayon sa mga plano at pangako Niya. Kung ikaw ay isang Israelita noong panahong ito, ano ang magiging reaksyon mo?

## 3 Dahil sa pagtawid sa Dagat na Pula, nakilala ang Diyos sa mga henerasyon at bansa.

*Nakita ng mga Israelita ang dakilang kapangyarihan ng* PANGINOON *na ginamit niya laban sa mga Egipcio. At dahil dito, iginalang nila ang* PANGINOON *at siya'y pinagtiwalaan nila at ang lingkod niyang si Moises.* **EXODUS 14:31**

Ang Diyos ay kinilala ng mga tao mula sa ibang bayan na nakarinig ng himalang ito bilang *Diyos sa langit at sa lupa* (Josue 2:10–11). Kahit ang mga Egipciong nakakita at nakarinig tungkol sa mahimalang gawa ng Diyos ay sumama sa mga Israelita sa pag-alis nila (Exodus 12:38). Ang pagligtas at pangako ng Diyos ay hindi lamang para sa mga Israelita noon, kundi pati na rin sa lahat ng maniniwala, galing man sila sa ibang bansa o kaya ay sa mga darating na henerasyon. Paano nito mapapalakas ang loob ng mga nananampalataya sa Diyos ngayon?

Gaya ng mga Israelita, inaanyayahan din tayo ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus na maranasan ang ganap na kaligtasan mula sa ating kasalanan na umalipin at bumihag sa atin. Tinalo na ni Jesus ang kalaban, ang kasalanan, at kamatayan. Para sa mga taong nananalig sa Kanya, wala nang balikan. Hindi na tayo alipin at maaari na tayong mamuhay sa kalayaan, pangako, at layunin na inihanda ng Diyos para sa atin kay Cristo.

## APPLICATION

- Ano ang imposibleng sitwasyong kinalalagyan mo ngayon? Paano ka kikilos nang may pananampalataya at pagtitiwala sa halip na takot at pagdududa?
- May mga bagay bang sinasabi ng Diyos na iwasan mo para tuluyan kang makasunod sa Kanya? Ano ang mga hakbang na magagawa mo upang mamuhay kay Jesus nang walang balikan?
- Sino sa pamilya at kaibigan mo ang kailangang kumilala na kaya at gusto ng Diyos na iligtas sila mula sa paghihirap at kasalanan? Magpasyang ibabahagi mo ang patotoo mo sa kanila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na mayroon Siyang plano para ganap tayong palayain at iligtas, gaya ng ginawa Niya para sa mga Israelita.
- Hilingin sa Diyos na baguhin ka araw-araw para hindi mo na balikan ang anumang nang-alipin sa iyo noon o anumang humadlang sa pagsunod mo sa Kanya.
- Humingi ng katapangan at pagkakataong ibahagi sa iba kung paano ka binago ng Diyos at kung paano Siya gumawa ng mga himala sa buhay mo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leo Angcajas Jr., Ruth Suson-Gloria, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph